

Mathematics 1

Microlearning Module

QUARTER 4 – Module 10

*Giving the Days of the Week and
Months of the Year*



Mathematics 1

Microlearning Module (MLM)

Quarter 4 – Module 10: Giving the Days of the Week and Months of the Year

First Edition, 2024

Republic Act 8293, Section 176 states that “No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines.” However, obtaining prior approval from the government agency or office where the work originated is required for the commercial use of such work. This agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.

Materials borrowed for this module (e.g., songs, stories, poems, images, brand names, trademarks, etc.) are the property of their respective copyright owners. The publisher and authors do not assert ownership or representation over them.

Published by the Department of Education- RO XII, Division of Sultan Kudarat

Development Team

Writer : Zalvie G. Marquez

Editors : Marybeth F. Palma, Albert John P. Aquino, Elsie S. Yson, Hazel D. Olegario,
Judy Ann C. Barretto

Evaluators : Marybeth F. Palma
Roger B. Famulag

Illustrator : Zalvie G. Marquez

Cover Art Designer: Jann Mark P. Oriel

Management Team: Crispin A. Soliven Jr., CESE – Schools Division Superintendent
Meilrose B. Peralta, EdD – Asst. Schools Division Superintendent
Ismael M. Ambalgan – Chief, CID
Sheryl L. Osano – EPS, LRMS
Rodolfo B. Bermudo Jr. EdD – EPS, Mathematics

Printed in the Philippines by

Department of Education – Region XII, Division of Sultan Kudarat

Office Address: Kenram, Isulan, Sultan Kudarat

Telefax: 064-471-1007

E-mail Address: depedsk.r12@deped.gov.ph

MICROLEARNING MODULE

Pangalan: _____ Baitang at Pangkat: _____ Iskor: _____

Asignatura: _____ Kuwarter: _____ MLM Bilang. _____


Guro: _____

Kasanayang Pagkatuto: Give the days of the week and months of the year in the correct order


A. Ating Balikan!

Panuto: Iguhit ang tamang posisyon ng mahaba at maikling kamay sa *analog clock* ayon sa hinihinging oras.


1. Alas siyete y medya o 7:30.



2. Alas tres kuwarenta y singko o 3:45.



3. Alas dose kinse o 12:15.



B. Ano'ng Bago?

Gawain 1

Panuto: Awitin ang awit sa ibaba at sagutin ang mga tanong.

Pitong Araw sa Isang Linggo

Linggo, Lunes, Martes, Miyerkules,
Huwebes, Biyernes, Sabado
Pitong araw sa isang linggo,
Sabay-sabay nating awitin
Linggo, Lunes, Martes, Miyerkules,
Huwebes, Biyernes, Sabado,
Pitong araw sa isang linggo,
Sabay-sabay nating awitin.

Tanong:

1. Ilang araw mayroon sa isang linggo?
2. Ano ang unang araw sa isang linggo?
3. Ano ang huling araw sa isang linggo?

Gawain 2

Panuto: Awitin ang "Lubi Lubi" at sagutin ang mga tanong.

Lubi Lubi

Enero, Pebrero, Marso, Abril, Mayo
Hunyo, Hulyo, Agosto
Setyembre, Oktubre
Nobyembre, Disyembre, lubi-lubi.
Halina at pag-aralan
Ngalan ng labindalawang buwan
Ulit-ulitin nating bigkasin
Sabay-sabay nating awitin.

Tanong:

1. Ilang buwan mayroon sa isang taon?
2. Ano ang unang buwan ng taon?
3. Ano ang huling buwan ng taon?

C. Ano Ito?

Mga Araw sa Isang Linggo

Mayroong pitong (7) araw sa isang linggo.

Narito ang talahanayan ng pagkasunod-sunod ng mga ito:

Bilang ng Pagkasunod-sunod	Mga Araw sa Isang Linggo
Una	Linggo
Ikalawa	Lunes
Ikatlo	Martes
Ikaapat	Miyerkules
Ikalima	Huwebes
Ikaanim	Biyernes
Ikapito	Sabado

Linggo ang unang (1st) araw sa isang linggo. Ito ay maaaring araw ng pagsisimba o pamamasyal kasama ang pamilya.

Lunes ang ikalawang (2nd) araw sa isang linggo at ang unang araw ng pagpasok sa paaralan.

Martes ang ikatlong (3rd) araw sa isang linggo at ikalawang araw ng pagpasok sa paaralan.

Miyerkules ang ikaapat (4th) na araw sa isang linggo at ikatlong araw ng pagpasok sa paaralan.

Huwebes ang ikalimang (5th) araw sa isang linggo at ikaapat na araw ng pagpasok sa paaralan.

Biyernes ang ikaanim (6th) na araw sa isang linggo at huling araw ng pagpasok sa paaralan.

Sabado naman ang ikapitong (7th) araw. Ito ang araw ng pahinga at paglalaro.

Mga Buwan sa Isang Taon

May labindalawang (12) buwan naman sa isang taon. Narito ang talahanayan ng pagkasunod-sunod at bilang ng mga araw sa bawat buwan.

Bilang ng Pagkasunod-sunod	Mga Buwan sa Isang Taon	Bilang ng mga Araw
Una	Enero	31
Ika-2	Pebrero	28 o 29
Ika-3	Marso	31
Ika-4	Abril	30
Ika-5	Mayo	31
Ika-6	Hunyo	30
Ika-7	Hulyo	31
Ika-8	Agosto	31
Ika-9	Setyembre	30
Ika-10	Oktubre	31
Ika-11	Nobyembre	30
Ika-12	Disyembre	31

May mga buwan sa isang taon na binubuo ng 30 araw, habang iba naman ay 31 araw. Ang buwan naman ng Pebrero ay may 28 araw ngunit ito ay nagiging 29 isag beses sa bawat apat na taon at tinatawag itong *leap year*.

Sa kabuuan, mayroong 365 araw sa isang ordinaryong taon at 366 na araw kung ito ay *leap year*.

D. Ating Subukin!

Gawain 1

Panuto: Pagsunod-sunurin ang pitong araw sa isang Linggo. Lagyan ang patlang ng bilang mula 1 hanggang 7.

_____ Huwebes
_____ Linggo
_____ Martes
_____ Sabado
_____ Lunes
_____ Miyerkules
_____ Biyernes

Gawain 2

Panuto: Kulayan ang wastong araw na tinutukoy sa bawat bilang.

1. Unang araw sa pagpasok sa paaralan.

Linggo	Lunes
--------	-------

2. Araw bago ang Sabado.

Biyernes	Huwebes
----------	---------

3. Huling araw sa isang linggo.

Martes	Sabado
--------	--------

4. Araw sa pagitan ng Martes at Huwebes.

Miyerkules	Biyernes
------------	----------

5. Araw pagkatapos ng Linggo.

Lunes	Sabado
-------	--------

Gawain 3

Panuto: Pagsunod-sunurin ang 12 buwan sa isang taon. Lagyan ng bilang mula 1 hanggang 12.

_____	Pebrero	_____	Marso
_____	Agosto	_____	Hunyo
_____	Disyembre	_____	Enero
_____	Oktubre	_____	Abril
_____	Mayo	_____	Setyembre
_____	Hulyo	_____	Nobyembre

Gawain 4

Panuto: Bilugan ang salita ng tamang sagot.

1. Alin sa mga araw ang may 31 na araw?

Abril Hunyo Agosto

2. Alin sa mga buwan ang may 30 na araw?

Agosto Setyembre Oktubre

3. Ito ang buwan na nasa pagitan ng Abril at Hunyo.

Marso Mayo Agosto

4. Ito ang buwan bago ang Agosto.

Hunyo Hulyo Setyembre

5. Ito ang natatanging buwan na may 28 na araw na nagiging 29 tuwing *leap year*.

Pebrero Marso Abril

E. Tayahin Natin!

Panuto: Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ilang araw mayroon sa isang linggo?
A. lima B. anim C. pito
2. Kung ngayon ay martes, ano ang araw pagkalipas ng dalawang araw?
A. Huwebes B. Biyernes C. Sabado
3. Kung ngayon ay lunes, anong araw bago ang kahapon?
A. Biyernes B. Sabado C. Linggo
4. Ilang buwan mayroon sa isang taon?
A. sampu B. labing-isa C. labindalawa
5. Ang mga sumusunod na buwan ay mayroong 31 na araw, maliban sa isa.
A. Abril B. Hunyo C. Agosto

Challenge

Activity 1

Directions: Write the days of the week in correct order.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____
6. _____
7. _____

Activity 2

Directions: Write the months of the year in correct order.

1. _____

2. _____

3. _____

4. _____

5. _____

6. _____

7. _____

8. _____

9. _____

10. _____

11. _____

12. _____

Activity 3

Directions: Find and circle the days of the week and months of the year in the grid. Look for them horizontally or vertically.

Days of the Week and Months of the Year

S	A	T	U	R	D	A	Y	A	F	C	S	J
U	J	U	L	Y	V	X	Z	W	V	S	C	A
N	O	V	E	M	B	E	R	E	K	E	D	N
D	B	A	I	O	U	M	W	D	S	P	O	U
A	H	P	C	N	T	A	Y	N	Z	T	C	A
Y	F	R	I	D	A	Y	S	E	G	E	T	R
J	D	I	J	A	U	G	U	S	T	M	O	Y
U	E	L	K	Y	L	Q	R	D	P	B	B	D
N	X	G	F	E	B	R	U	A	R	E	E	Y
E	F	T	U	E	S	D	A	Y	O	R	R	E
D	E	C	E	M	B	E	R	M	N	N	E	G
M	A	R	C	H	T	H	U	R	S	D	A	Y

Answers Key

Mathematics 1

Quarter 4 – Module 10: Giving the Days of the Week and Months of the Year

Ating Subukin!

Gawain 1

- | | |
|----------|------------|
| <u>5</u> | Huwebes |
| <u>1</u> | Linggo |
| <u>3</u> | Martes |
| <u>7</u> | Sabado |
| <u>2</u> | Lunes |
| <u>4</u> | Miyerkules |
| <u>6</u> | Biyernes |

Ating Subukin!

1. Lunes
2. Biyernes
3. Sabado
4. Miyerkules
5. Lunes

Ating Subukin!

(unang hanay pababa)

2, 8, 12, 10, 5, 7

(ikalawang hanay pababa)

3, 6, 1, 4, 9, 11

Gawain 4

1. Agosto
2. Setyembre
3. Mayo
4. Hulyo
5. Pebrero

Tayahin Natin!

1. C. pito
2. A. Huwebes
3. B. Sabado
4. C. labindalawa
5. A. Abril

F. Mga Sanggunian

DepEd. Mathematics MATATAG Curriculum Guide 2023

Padilla, Danilo S., Rodrigo V. Pascua, Lolita P. Dacuba, Marivic M. Calelao, Dahlia L. Silvania, and Maybellene A. Garlejo. *Mathematics – Unang Baitang Kagamitan ng Mag-aaral sa Tagalog, Binagong Edisyon 2017*. Republika ng Korea ng Prinpia Co., Ltd., 54 Gasanro 9 Gil, Geumcheongu, South Korea.

Pinoy BK Channel, "Pitong Araw Sa Isang Linggo", December 7, 2017, 2.20. <https://www.youtube.com/watch?v=JMvkvyswZVY>

Robie317, "Lubi-Lubi (Filipino Months of the Year Song) 2020 ", May 4, 2019, 2.03, <https://www.youtube.com/watch?v=PyrtLVjakA0>

DISCLAIMER

This Microlearning Module has been developed by DepEd - Division of Sultan Kudarat for educational purposes only. It is designed to supplement classroom instruction and should not be used as the sole source of information. Teachers are encouraged to exercise their professional discretion and tailor the content to suit their students' individual needs.

This resource is the exclusive property of DepEd-Division of Sultan Kudarat and is accessible to enrolled learners solely for academic purposes, at no cost. Any reproduction or conversion of this material in any form is strictly prohibited.

REGION XII - DIVISION OF SULTAN KUDARAT